ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 11| November 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402|| ISI Value: 1.188

# MGA GAWI SA PAGSASALING-WIKA AT KASANAYAN SA AKADEMIKONG PAGSULAT

**Jessibeth G. Mondares**
*The Rizal Memorial Colleges, Inc. Davao City 8000, Philippines*

**ABSTRAK**

*Isinagawa ang pag-aaral na ito upang matukoy ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga gawi sa pagsasaling-wika at kasanayan sa akademikong pagsulat. Deskriptib-korelesyon ang disenyo ng pananaliksik na ginamit sa pag-aaral na ito na may 152 kabuuang kalahok mula sa Bernardo D. Carpio National High School Ginamit ang instrumentong pampananaliksik, natagpuang nasa mababang antas ang gawi ng mga mag-aaral sa pagsasaling-wika. Nakita rin na mababa ang kasanayan ng mga mag-aaral sa akademikong pagsulat. Nabunyag din na may makabuluhang ugnayan ang gawi sa pagsasaling-wika at kasanayan sa akademikong pagsulat. Dagdag pa, ang mga domeyn o indikeytor ng gawi sa pagsasaling-wika na: pagtukoy ng kahulugan, pagpapahalaga sa kultura, pagpili ng mga salita, at pagtutumbas ng mga idyoma ay pawang natagpuang may makabuluhang impluwensiya sa kasanayan sa akademikong pagsulat. Mula sa mga natuklasan, ang mga opisyal ng Kagawaran ng Edukasyon (DepED) ng mga polisiya at mga patakaran ukol sa pagbuo ng mga programang magpapatingkad sa mga gawaing pagsasaling-wika sa mataas na paaralan at ibunsod ang pagsusuri ng kasalukuyang kurikulum kung may sapat na kasanayang pampagkatuto na ukol sa kasanayan sa akademikong pagsulat ng mga pag-aaral sa sekundarya. Maaaring magbalangkas ng mga school-based na pagsasanay na may diin sa paglinang ng kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng pagsasaling-wika at akademikong pagsulat.*

**SUSING SALITA:** *Pagsasaling-Wika, Akademikong Pagsulat, Lungsod ng Davao, Relihiyon XI*

## 1. MGA SULIRANIN AT KALIGIRAN NITO

Ang pagsulat ng mga akademikong sulatin ay isang gawaing hindi maihihiwalay sa proseso ng pagtuturo at pagkatuto. Lagi nang ginagawang panukat ng pagkatuto ang iba't ibang sulating likha ng mga mag-aaral. Kung may mabuting sulating nagawa ang mga mag-aaral, maaaring sabihing nalinang sa kanila ang mga inaasahang kasanayang pang-kurikulum. Ang kakulangan ng malawak na pananaliksik ay isa sa mga pangunahing dahilan kung bakit nahihirapan ang mga mag-aaral sa akademikong pagsulat. Ito man ay pagsulat ng sanaysay, ulat o maging mga rebyu ng nabasang panitikan.

Sa bansang Tsina, nabunyag na isang mahirap na gampaning pang-kurikulum ang akademikong pagsulat lalo na kung ang kasangkot ay mga dayuhang wika tulad ng Ingles. Marami sa mga guro ang nagtalaga ng mga estratehiya at mga modelo ng pagtuturo na may kinalaman sa lubusang pagpapasigla ng mga gawaing pagsulat sa mataas na paaralan. Isa sa mga ginagawang paraan ng mga guro ay ang pagtuturo sa kanilang mga mag-aaral ng kasanayan sa pagsasalin (Cai, 2013). Ibinahagi nina Pablo at Lasaten (2018) na ang akademikong pagsulat ay binigyan ng malaking diin sa sistemang pang-edukasyon sa Pilipinas mula nang ang pagtuturo at pagkatuto ng Ingles bilang pangalawang wika ay sumusuporta sa layuning pahusayin ang kakayahan sa Ingles ng mga pilipinong mag-aaral. Sumasang-ayon ang mga dalubhasa na ang pagsulat ay isa sa pinakamataas na anyo ng mga kasanayang pang-akademiko.

Sa mas matibay na paglalahad, kailangang masinop ang mga dati nang natuklasan sa pamamagitan ng maka-agham na pag-aaral. Mainam na matiyak ang gawi sa pagsasaling-wika at kasanayan ng mga mag-aaral sa akademikong pagsulat. Naniniwala ang mananaliksik na ang pag-aaral na ito ay makatutulong nang malaki sa pagpapalago sa kasanayan sa akademikong pagsulat sa mga paaralan kung saan naisagawa ang pag-aaral at sa buong Sangay ng Lungsod ng Davao.

### *1.1. Rebyu ng mga Makabuluhang Literatura*

#### *Mga Gawi sa Pagsasaling-wika*

Ang pagsasaling-wika ay isang gawaing pangkaisipan kung saan ang isang kahulugang ibinigay na diskursong pang-wika ay naisalin mula sa isang wika patungo sa isa pa. Ito ay ang paglilipat ng mga kakanyahang panlingwistika mula sa isang wika patungo sa kanilang mga katumbas sa isa pang wika. Ang pagsasaling-wika ay isang gawain kung saan ang nilalaman ng isang teksto ay inililipat mula sa pinagmulang wika patungo sa target na wika. Ang wikang isasalin ay tinatawag na *source language* (SL) o pinagmulang-wika, samantalang ang wikang pagsasalinan ay tinatawag na *target language* (TL). Ang tagasalin ay kailangang magkaroon ng mahusay na kaalaman sa pinagmulan at sa target na wika, bilang karagdagan sa isang mataas na kamalayang panlinguwistika dapat niyang ihatid ang intension o pakay, orihinal na mga kaisipan at opinyon ng manunulat sa isinaling bersyon nang tumpak at tapat hangga't maaari (Foster, 2007).

*Pagtukoy ng Kahulugan.* Bilang lapit sa pagsasaling-wika, kung sinusubukan ng isang mag-aaral na tukuyin ang kahulugan ng isang bagong salita, kadalasan ay kapaki-pakinabang na tingnan kung ano ang nauuna at ang sumusunod ng salitang iyon. Kapag sinusubukang isalin ng mga mag-aaral ang kahulugan ng isang bagong salita, kadalasan ay kapaki-pakinabang na tingnan kung ano ang nauuna at ang sumusunod ng salitang iyon. Ang mga

nakapalibot na salita ay maaaring magbigay sa mga mambabasa o tagasalin ng kapaki-pakinabang na mga pahiwatig sa konteksto tungkol sa kahulugan at estruktura ng bagong salita, pati na rin kung paano ito ginagamit sa mga pangungusap (Zorfass at Gray 2020).

*Pagpapahalaga sa Kultura.* May mahalagang papel ang bokabularyo sa pagbuo ng wika. Ang talasalitaan at ang mga pagbabagong dumarating sa panahon ay pagninilay sa kultura at ang mga pagbabagong naranasan nito sa paglipas ng mga taon ay mahalagang maunawaan ng mga mambabasa at tagasaling-wika. Ang ugnayan sa pagitan ng wika, pagsasalin at kultura ay isang mahalagang salik ng maunawang pakikipagtalastasan. Dahil dito, kailangang aralin ang mga mahalagang larawan, lugar, at mga kaugalian ng kultura ng wika upang magkaroon ang tagasalin ng ideya at kamalayan sa wikang sangkot sa pagsasalin. Sa mataas na paaralan, ang pagsasaling-wika ay isang kasanayang pinag-aaralan ng mga mag-aaral. Kalimitang ginagamit dito ang tuwirang pagsasalin o ekplisit na pagsasalin kung saan nagbibigay ang guro ng mga salita at binibigyan ito ng mga mag-aaral ng katumbas na kahulugan sa kanilang wika (Bharati, 2018).

*Pagpili ng mga Salita.* Mahalaga ang angkop na pagpili ng salita sa pagsulat ng akademikong komposisyon. Mainam din na ang isang manunulat ay may malawak na kaalaman sa pagsasaling-wika. Ang mga banyagang sulatin ay mainam na naipauunawa sa mas maraming mambabasa sa pamamagitan ng pagsasalin nito sa wikang sinasalita ng mas maraming tao. Upang maging mahusay ang isang tagasalin, kailangan ang malawak na kaalaman sa pagpili ng salita. Isa sa kasanayang dapat aralin ay ang kaalaman sa konotasyon ng mga salita na palaging nangangahulugan ng kaniyang damdamin, masining na kahulugan at matalinghagang kahulugan. Ang iba't ibang kultural na pinagmulan ay nagdudulot ng iba't ibang panlipunang saloobin; ang mga tao sa iba't ibang kultura ay maaaring may iba't ibang pagkilala sa isang bagay o sa isang konsepto. Kung hindi isasaalang-alang ang mga salik na ito, malamang na magdulot ito ng hindi pagkakaunawaan (Chin, 2012).

*Pagtutumbas ng mga Idyoma.* Ang bawat wika ay may natatanging koleksiyon ng mga kasabihan at parirala. Ang mga ekspresyong ito, na kilala bilang mga idyoma, ay kadalasang naglalaman ng mga kahulugan na maaaring hindi halata sa pamamagitan lamang ng pagtingin sa mga indibiduwal na salita sa pahayag. Ang idyoma ay isang kasabihan o pagpapahayag na naglalaman ng matalinghagang kahulugan na naiiba sa literal na kahulugan. Ang salitang idyoma ay nagmula sa salitang Griyego na "*idioma*," na nangangahulugang kakaibang pariralang may matalinghagang pagpapakahulugan. Halimbawa, ang "sa ilalim ng panahon" ay isang idyoma na nauunawaan sa pangkalahatan na nangangahulugang may sakit o karamdaman. Kung sasabihing nakakaramdam ka ng "sa ilalim ng panahon," hindi literal na ibig sabihin na nakatayo sa ilalim ng ulan ngunit naglalahad ito ng ibang kahulugan lagpas pa sa literal na sinasabi nito (Gladwell, 2022).

***Kasanayan sa Akademikong Pagsulat***
Ang akademikong pagsulat ay ang paglikha at organisasyon ng isang nakasulat na papel o isang sanaysay tungkol sa isang paksa sa isang larangan ng pag-aaral tulad ng panitikan, kasaysayan, o sosyolohiya. Sa pamamagitan ng akademikong pagsulat sa isang paksa, naihahatid ng mga dalubhasa o mga mag-aaral nang may lalim ang kanilang mga opinyon o mga pinaniniwalaan. Ang ganitong uri ng pagsulat ay dapat na nakatutok at sinusuportahan ng mga detalyeng nakalap mula sa malalim na pananaliksik at pakikipanayam at mga pag-aaral (Baird, 2021).

*Pokus at Diin.* Ang pinakakaraniwang layunin sa akademikong pagsulat ay ipaliwanag ang ilang ideya o paghahanap ng pananaliksik at hikayatin ang mga mambabasa na ang mga paliwanag o teorya ay tama. Sa paggawa nito, maaaring kailanganin ilarawan ang isang bagay, lugar, o aktibidad. Minsan maaaring sumulat upang magsalaysay ng hanay ng mga kaganapan, sa paraan ng isang kuwento. Sa akademikong pagsulat, makatuwirang gawing ang diin at layunin ng pagsulat ay malinaw at tugma sa gawaing pagsulat, at nagbigay ng malinaw na pananaw upang maging maliwanag din sa mga mambabasa (Sword, 2020).

*Organisasyon.* Ang layunin ng akademikong pagsulat ay maglahad ng mga ideyang nagtataglay ng kahulugan. Minsan ang dami ng bagong konsepto, bagong salita, at ang mga katotohanan na maaaring maging napakalaki at kumplikado. Upang mapagaan ang organisasyon ng mga kaisipan, gumagamit ang mga manunulat ng balangkas na nakakatulong upang mabuo nang mahusay ang mga sulatin at maiparating ang kanilang mga ideya nang malinaw. May ilang uri ng mga plano o balangkas ng sulatin, na tinatawag na mga patern ng organisasyon na maaari makilala sa akademikong pagsulat. Nagiging madali ay mahusay ang pagsusulat ng may-akda kung naaayos na ang kanilang mga ideya sa paraang may katuturan at masinop na pagkakalahad (Strunk, 2019).

*Wika at Estilo.* Ang akademikong pagsulat sa pangkalahatan ay medyo pormal, obhektibo at teknikal. Ito ay pormal sa pamamagitan ng pag-iwas sa kaswal o pakikipag-usap na wika, tulad ng mga contraction o impormal na bokabularyo. Ito ay impersonal at obhektibo dahil sa pag-iwas sa direktang pagtukoy sa mga tao o damdamin, at sa halip ay binibigyang-diin ang mga bagay, katotohanan at ideya (Goodson, 2017).


***1.2. Teoretikal/Konseptuwal na Balangkas***
Ang pag-aaral na ito ay napapatnubayan ng teorya ni Jack Mezirow (1991) na Transformational Learning Theory na naglalarawan kung paano ang kritikal na pagmuni-muni ng mga pagpapalagay at paniniwalang pinanghahawakan ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na mas maunawaan ang kanilang proseso ng pag-aaral. Sa kaso ng akademikong pagsulat, nalilipat ng mga manunulat ang kanilang kaisipan sa pamamagitan ng pagsasaling-wika. Ang pagsasaling-wika ay makabuluhan sa proseso ng pagsulat. Ito ay isang teknik sa pagsulat na nakatutulong sa mga mag-aaral sa mabisang pagsulat lalo na ng mga akdang pang-akademik. Maaaring

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 11| November 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402|| ISI Value: 1.188

maraming ideya ang mga mag-aaral, ngunit kapag hinihiling sa kanila na isulat ito, karamihan sa kanila ay nahihirapan. Sa pagtuturo sa kanila ng prosesong ito, ang mga mag-aaral ay makakakuha ng mas malinaw na larawan ng pagsulat.

Sinipi rin ni Kroll (1990) ang Applebee (1986) na ang proseso ng teknik ay "nagbigay ng paraan upang mag-isip tungkol sa pagsulat ayon sa kung ano ang ginagawa ng manunulat (pagpaplano, pagrerebisa, at iba pa) sa halip na kung ano ang hitsura ng huling produkto. tulad ng (mga pattern ng organisasyon, baybay, at gramatika)". Ang mga mag-aaral ay nakikita bilang "sentral sa pag-aaral" sa proseso ng teknik. Dapat isaalang-alang ng sektor ng edukasyon ang iba't ibang pangangailangan, inaasahan, layunin, estilo ng pagkatuto, kasanayan, at kaalaman ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng proseso ng pagsulat, ang mga mag-aaral ay magkakaroon ng pagkakataong gamitin ang kanilang kaalaman sa tulong ng kanilang mga guro at iba pang mga mag-aaral.

Nakikita sa Talangguhitan Bilang 1 ang Konseptuwal na Modelo ng Pag-aaral. Ang kahong nasa kaliwang bahagi ay kumakatawan sa malayang baryabol na gawi sa pagsasaling wika na ayon ka Culler (1997) ay may apat na pantakda: (1) pagtukoy ng kahulugan, (2) pagpapahalaga sa kultura, (3) pagpili ng mga salita at (4) pagtutumbas ng mga idyoma. Sa kanang bahagi makikita kahong kumakatawan sa di-malayang baryabol na kasanayan sa akademikong pagsulat na may pantakda na: (1) pokus at diin, (2) organisasyon at (3) wika at estilo (Sword, 2020).




Talangguhitan I. Konseptuwal na Modelo ng Pag-aaral

### *1.3. Paglalahad ng Suliranin*

Isinagawa ang pag-aaral na ito upang matukoy ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga gawi sa pagsasaling-wika at kasanayan sa akademikong pagsulat. Sa katiyakan, tinangkang sagutin ng pag-aaral na ito ang sumusunod:

1. Ano ang lawak ng gawi ng mga mag-aaral sa pagsasaling-wika ayon sa:
   - 1.1. pagtukoy ng kahulugan;
   - 1.2. pag-unawa sa kultura;
   - 1.3. pagpili ng mga salita; at
   - 1.4. pagtutumbas ng mga idyoma?
2. Ano ang lawak ng kasanayan sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral ayon sa:
   - 2.1. pokus at diin;
   - 2.2. organisasyon; at
   - 2.3. wika at estilo?
3. Mayroon bang makabuluhang ugnayan ang gawi sa pagsasaling-wika ng mga mag-aaral at kasanayan sa akademikong pagsulat?
4. Ano-anong indikeytor ng mga gawi sa pagsasaling-wika ang may makabuluhang impluwensiya sa kasanayan sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral?

## 2. PAMAMARAAN

### *2.1. Disenyo ng Pananaliksik*

Ginamit sa pag-aaral na ito ang kuwantitatibo at di-eksperimental na disenyo gamit ang deskriptib-korelesyon na metodo ng pananaliksik. Sa disenyong ito na nakabatay sa patakarang pampananaliksik ng Higher Education Funding Council for England or HEFCE (2000) na ang pinakatuon nito ay tukuyin ang kinakailangang impormasyon na naglalarawan sa tunay na kalagayan, larawan at estado ng isang naobserbahang phenomenon batay sa baryabol na pinag-aaralan. Nasasaklaw sa pamaraang ito ang pagsasagawa ng surbey na siyang pangunahing gawain sa nagsakatuparan ng pananaliksik na ito.

### *2.2. Ang mga Kalahok*

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay mga mag-aaral ng ika-10 baitang ng Mataas na Paaralang Pambansa ng Bernardo D. Carpio ng Cluster 15, Sangay ng Lungsod ng Davao para sa Taong Panuruan 2022-2023. Ginamit sa pag-aaral na ito ang *simple random sampling* sa pagtukoy sa bilang ng mga kalahok ang isinali sa pag-aaral.Nakikita sa Talahanayan 1 ang datos ukol sa bilang ng mga kalahok ng pag-aaral. May isang daan at limam pu't dalawang (152) mag-aaral ang kalahok ng pag-aaral na ito.

### *2.3. Mga Hakbang sa Paglilikom ng mga Datos*

*Paghingi ng Pahintulot.* Ang mananaliksik ay humingi ng pahintulot sa Dekano ng Paaralang Gradwado ng Rizal Memorial Colleges, Lungsod ng Davao, at sa Tagapamanihala ng mga Paaralan ng Sangay ng Lungsod ng Davao, upang maisagawa ang pag-aaral. Matapos matanggap ang pagpapatibay ng Tagapamanihala, nakipag-ugnayan siya sa punong-guro at sa Puno ng Kagawarang Filipino kung saan ginawa ang pag-aaral.

*Pagsasagawa ng Surbey*. Matapos ang pakikipag-ugnayan sa punong-guro ng paaralan at puno ng Kagawarang Filipino, ipinamahagi ng mananaliksik ang mga instrumento sa mga kalahok at ipinaliwanag ang mga panuto kung paano ito sasagutan at kailan nito ibabalik ang instrumento. Sa paglikom ng mga datos, tiniyak ng mananaliksik na ang mga panuntunang ipinatutupad ng IATF sa panahon ng pandemya ay tinalima at pinag-ukulan ng tamang pagpapahalaga upang mapangalagaan ang kalusugan at kaligtasan ng mananaliksik at mga kalahok.

*Paghahanay at Pagsusuri ng mga Datos.* Matapos makuha ang mga kinakailangang datos, inihanay at sinuri ng mananaliksik ang nalikom na tugon ng mga mag-aaral ukol sa mga estratehiya ng sariling pagkatuto at pampanitikang literasi ng mga mag-aaral at sinuri gamit ang angkop na pormula ng estadistika.

### *2.4. Pagsusuri ng Datos*

Ang mga estadistikang ginamit upang suriin ang mga nalikom na mga datos kaugnay sa mga pinag-aaralang mga baryabol:

*Mean*. Sa istatistika, ito ay isang sukatan ng gitnang pagkahilig ng isang pamamahagi. Sa pag-aaral na ito, ang mean ay ginamit upang matukoy ang lawak ng gawi ng mga mag-aaral sa pagsasaling-wika at lawak ng kasanayan sa akademikong pagsulat.

*Pearson r.* Ito ay isang sukatan ng linear na ugnayan sa pagitan ng dalawang baryabol. Ito ay ang ratio sa pagitan ng covariance ng dalawang variable at ang produkto ng kanilang mga standard deviations; sa gayon, ito ay mahalagang normalized na pagsukat ng covariance, kung kaya't ang resulta ay palaging may halaga sa pagitan ng −1 at 1. Tulad ng sa covariance, ang sukat ay maaari lamang magpakita ng isang linear na ugnayan ng mga baryabol. Ang kagamitang pang-estadistikang ito ay ginamit upang matukoy ang makabuluhang ugnayan ng lawak ng gawi ng mga mag-aaral sa pagsasaling-wika at lawak ng kasanayan sa akademikong pagsulat.

*Multiple Liner Regression.* Ang kagamitang pang-estadistikang ito ay ginamit upang matukoy ang mga indikeytor malayang baryabol na gawi ng mga mag-aaral sa pagsasaling-wika na may makabuluhang impluwensiya sa di-malayang baryabol na kasanayan sa akademikong pagsulat.

## 3. PAGTALAKAY SA MGA KINALABASAN

**Talahanayan 2. Lawak ng Gawi ng mga Mag-aaral sa Pagsasaling-wika ayonsa Pagtukoy ng Kahulugan**

| Blg. | Mga Aytem | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Sumasangguni ako sa mga talatinigan upang malaman ang kahulugan ng mga salita o pahayag. | 3.04 | Katamtaman |
| 2. | Sinusuri ko ang mga yunit na bumubuo sa mga salita. | 2.79 | Katamtaman |
| 3. | Gumaganit ako ng context clue sa pag-unawa ng kahulagan ng mga salita. | 2.31 | Mababa |
| 4. | Iniuugnay ko ang mga natuklasang salita sa sariling karanasan. | 2.35 | Mababa |
| 5. | Sinusubok ko ang katumpakan ng kahulugan ng mga salita sa pamamagitan ng paggamit nito sa talastasan. | 2.19 | Mababa |
| | Pangkalahatang Mean | 2.53 | Mababa |

Ang limang aytem sa indikeytor na naglalarawan sa pagtukoy ng kahulugan ay lumikom ng pangkalahatang mean na (2.53) na may palarawang katumbas na mababa. Ang nabunyag na pigura ay nagsasabing bihirang ginagawa ng mga mag-aaral ang mga probisyong ukol sa pagtukoy ng mga kahulugan ng mga salita.

Pinatutunayan din ng mga natuklasan ang pahayag ni Salvadore (2014) na nakatutulong din na bigyan ang mga mag-aaral ng madalas na mga paalala at mga halimbawa ng iba't ibang uri ng mga pahiwatig sa konteksto. Gamit ang iba't ibang kagamitan katulad ng talatinigan. Mahalagang na ang mga natuklasang salita ay magamit sa mga pangungusap at sa pakikipagtalastasan upang maging mas madali ang pag-aasimila nito.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 11| November 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402|| ISI Value: 1.188

**Talahanayan 3. Lawak ng Gawi ng mga Mag-aaral sa Pagsasaling-wika ayonsa Pagpapahalaga sa Kultura**

| Blg. | Mga Aytem | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Inaalam ko ang mga gawi, tradisyon at pangunahing kaalaman sa kultura ng mga tao. | 2.29 | Mababa |
| 2. | Inaaral ko ang mga tanyag na tao mula sa kultura ng mga pangkat ng tao. | 2.15 | Mababa |
| 3. | Kinakapanayam ko ang mga tao sa isang pamayanan. | 2.31 | Mababa |
| 4. | Nakikipag-usap ako sa mga matatanda sa pamayanan. | 2.63 | Katamtaman |
| 5. | Nagbabasa ako ng mga akdang ukol sa kultura, tradisyon at mga pamahiin ng isang pamayanan. | 2.19 | Mababa |
| | Pangkalahatang Mean | 2.32 | Mababa |

Ang mga natuklasang datos ukol sa pagtukoy ng kahulugan ng mga salita bilang indikeytor ng pagsasaling wika ay umaalinsunod sa panitikan ni (Bharati, 2018) na nagsasabing may mahalagang papel ang bokabularyo sa pagbuo ng wika. Ang talasalitaan at ang mga pagbabagong dumarating sa panahon ay pagninilay ng kultura at ang mga pagbabagong naranasan nito sa paglipas ng mga taon ay mahalagang maunawaan ng mga mambabasa at tagasaling-wika.

**Talahanayan 4. Lawak ng Gawi ng mga Mag-aaral sa Pagsasaling-wika ayonsa Pagpili ng mga Salita**

| Blg. | Mga Aytem | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Pinipili ko ang mga tamang salita sa pagsulat ng komposisyon. | 2.71 | Katamtaman |
| 2. | Sinusuri ko ang batayang kahulugan ng mga salitang gagamitin sa pagsulat. | 2.13 | Mababa |
| 3. | Isinasalin ko muna ang mga salita sa wikang ginagamit ko bago pa magsulat. | 2.29 | Mababa |
| 4. | Ginagamit ko sa mga pangungusap ang mga salita bago ko gamitin sa aktuwal na pagsulat. | 3.02 | Katamtaman |
| 5. | Sinusuri ko ang mga morpema o yunit ng mga salita. | 2.21 | Mababa |
| | Pangkalahatang Mean | 2.47 | Mababa |

Ang mababang mean na natamo ng mga mag-aaral para sa indikeytor na pagpili ng mga salita ay nagpapalakas sa sinasabi ni Chin (2012) na mahalaga ang angkop na pagpili ng salita sa pagsulat ng akademikong komposisyon. Mainam din na ang isang manunulat ay may malawak na kaalaman sa pagsasaling-wika. Ang mga banyagang sulatin ay mainam na naipauunawa sa mas maraming mambabasa sa pamamagitan ng pagsasalin nito sa wikang sinasalita ng mas maraming tao.

**Talahanayan 5. Lawak ng Gawi ng mga Mag-aaral sa Pagsasaling-wika ayonsa Pagtutumbas ng mga Idyoma**

| Blg. | Mga Aytem | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Inaaral ko ang matatalinghagang pahayag ng mga wikang alam ko. | 2.31 | Mababa |
| 2. | Ginagamit ko ang mga idyoma sa aktuwal na pakikipagtalastasan | 2.15 | Mababa |
| 3. | Ginagamit ko ang iba't ibang idyoma sa pagsulat. | 2.15 | Mababa |
| 4. | Nagtatanong ako sa mga nakatatandang kasapi ng pamilya sa kahulugan at interpretasyon ng mga idyomang naririnig ko. | 3.04 | Katamtaman |
| 5. | Binibigyan ko ng kahulugan sa Filipino ang mga idyoma sa aking wika. | 2.31 | Mababa |
| | Pangkalahatang Mean | 2.39 | Mababa |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 11| November 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402|| ISI Value: 1.188

Ang natuklasan ukol sa mga gawi sa pagsasaling wika batay sa pagtutumbas ng mga idyoma ay nagpapalakas sa sinasabi ni Gladwell (2022) na ang bawat wika ay may natatanging koleksyon ng mga kasabihan at parirala. Ang mga ekspresyong ito, na kilala bilang mga idyoma, ay kadalasang naglalaman ng mga kahulugan na maaaring hindi halata sa pamamagitan lamang ng pagtingin sa mga indibiduwal na salita.

**Talahanayan 6. Buod sa Lawak ng Gawing mga Mag-aaral sa Pagsasaling-wika**

| Blg. | Mga Aytem | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Pagtukoy ng Kahulugan | 2.53 | Mababa |
| 2. | Pagpapahalaga sa Kultura | 2.32 | Mababa |
| 3. | Pagpili ng mga Salita | 2.47 | Mababa |
| 4. | Pagtutumbas ng mga Idyoma | 2.39 | Mababa |
| | Pangkalahatang Mean | 2.43 | Mababa |

Ang natuklasan ukol sa pangkalahatang kaisipan ukol sa mga gawi sa pagsasaling-wika ng mga mag-aaral sa ikawalong baitang ay maaaring ikapit na pahayag ni Foster (2007) na sinasabing ang tagasalin ay kailangang magkaroon ng mahusay na kaalaman sa pinagmulan at sa target na wika, bilang karagdagan sa isang mataas na kamalayang panlinguwistika dahil dapat niyang ihatid ang intensiyon o pakay, orihinal na mga kaisipan at opinyon ng manunulat sa isinaling bersyon nang tumpak at tapat hangga't maaari.

**Talahanayan 7. Lawak ng Kasanayan sa Akademikong Pagsulat**

| Blg. | Mga Aytem | Mean | Palarawang Katumbas |
|---|---|---|---|
| 1. | Pokus at Diin | 2.29 | Mababa |
| 2. | Organisasyon | 2.31 | Mababa |
| 3. | Wika at Estilo | 2.35 | Mababa |
| | Pangkalahatang Mean | 2.32 | Mababa |

Sa mas tiyak na pagsusuri, ang pokus at diin na nailalarawang mababa ay nagsasabing ang mga mag-aaral ay mahina sa akademikong pagsulat. Maaaring sabihing ang pagbibigay nila ng diin sa pagsulat at ang paglalahad ng mga layunin nito ay medyo malabo at maluwag na nakaugnay sa gawaing pagsulat. Sa pangkalahatan ukol sa pokus at diin, ang mga mag-aaral ay may mahinang pagganap sa akademikong pagsulat.

Ang natuklasan ukol sa pokus at diin ay nauugnay sa pahayag ni Sword (2020) na ang pinakakaraniwang layunin sa akademikong pagsulat ay ang ipaliwanag ang ilang ideya o paghahanap ng pananaliksik at hikayatin ang mga mambabasa na ang mga paliwanag o teorya ay tama. Sa paggawa nito, maaaring kailanganin ilarawan ang isang bagay, lugar, o aktibidad. Minsan maaaring sumulat upang magsalaysay ng hanay ng mga kaganapan, sa paraan ng isang kuwento. Sa akademikong pagsulat, makatuwirang gawing ang diin at layunin ng pagsulat ay malinaw at tugma sa gawaing pagsulat, at nagbigay ng malinaw na pananaw upang maging maliwanag din sa mga mambabasa.

Namamalas sa Talahanayan Bilang 8 ang datos ng makabuluhang ugnayan ng gawi sa pagsasaling-wika at kasanayan sa akademikong pagsulat. Lumabas ang tinuos na r-valyu na (0.881) nang suriin ang ugnayan ng dalawang baryabol. Ang nasabing valyu ay nagpapakita ng mataas na digri ng ugnayan at malakas na korelasyon. Masasabing ang ugnayan ay makabuluhan sapagkat ang p-value na 0.00 ay natagpuang mababa kung ihambing sa 0.05 antas ng kahalagahan. ($p=0.00 < 0.05$). Ang null hipotesis na nagsasabi na walang makabuluhang ugnayan ang gawi sa pagsasaling-wika at kasanayan sa pagsulat ng akademikong akda ay tinanggihan. Ang kinalabasan ay pumapanig sa alternative hypothesis na may makabuluhang ugnayan ang gawi sa pagsasaling-wika at kasanayan sa akademikong pagsulat.

**Talahanayan 8. Datos ng Makabuluhang Ugnayan ng Gawi sa Pagsasaling-wika at Kasanayan sa Akademikong Pagsulat**

| Mga Baryabol | r-value | Antas ng Korelasyon | p-value | Pasya sa Ho |
|---|---|---|---|---|
| (X) Gawi sa Pagsasaling-wika (Y) Kasanayan sa Akademikong Pagsulat | 0.881MK | Mataas na Korelasyon | 0.00 | Tinanggihan |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 11| November 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402|| ISI Value: 1.188

Ang natuklasan ukol sa makabuluhang ugnayan ng gawi sa pagsasaling wika at kasanayan sa akademikong pagsulat ay nasasalig sa paniniwala ni Culler (1997) na ang pagsasaling-wika ay may makabuluhang ugnayan sa pagsulat ng mga akademikong papel. Sa kaso ng mga tekstong pampanitikan, isang mahalagang isyu ang pagsasaling-wika sa larang na ito. Ang panitikan ay nakikita bilang isang ideolohikal at makasaysayang pangkat ng mga sulatin kasama ang pagganap nito sa iba't ibang aspeto ng buhay at lipunan. Dahil ang mga pag-aaral sa pagsasalin ay isang disiplina nakatutulong ito sa akademikong pagsulat. Mas naihahatid nito ang mga kaalaman sa mas nakararaming mambabasa dahil naisasalin ang mga teksto sa iba't ibang wika at diyalekto.

Nailalahad sa Talahanayan 9 ang mga datos ukol sa mga indikeytor ng gawi sa pagsasaling-wika na may makabuluhang impluwensiya sa kasanayan sa akademikong pagsulat. Nakikita sa talahanayan na ang mga antas ng kalahagahan ay mababa sa 0.05 (sig. value < 0.05). Ang hipotesis na nagsasabing walang indikeytor ng mga gawi sa pagsasaling-wika ang may makabuluhang impluwensiya sa kasanayan sa akademikong pagsulat ng mga mag-aaral ay tinanggihan. Ang mga indikeytor na pagtukoy ng kahulugan, pagpapahalaga sa kultura, pagpili ng mga salita, at pagtutumbas ng mga idyoma ay pawang natagpuang may makabuluhang impluwensiya sa kasanayan sa pagsulat ng akademikong akda.

**Talahanayan 9. Mga Indikeytor ng mga Gawi sa Pagsasaling-wika ang may Makabuluhang Impluwensiya sa Kasanayan sa Akademikong Pagsulat**

| Indicators | Unstandardized Coefficients | | Standardized Coefficients | t-ratio | Sig |
|---|---|---|---|---|---|
| | B | Std. Error | Beta | | |
| Constant | β0 | 3.37 | 0.44 | 21.00 | 0.03 |
| Pagtukoy ng Kahulugan | β1 | 0.56 | 0.94 | 29.09 | 0.02 |
| Pagpapahalaga sa Kultura | β2 | 0.58 | 0.47 | 6.20 | 0.01 |
| Pagpili ng mga Salita | β3 | 0.23 | 0.68 | 12.07 | 0.02 |
| Pagtutumbas ng mga Idyoma | β4 | 0.23 | 0.68 | 12.07 | 0.02 |

Mula sa mga natuklasan, napalalakas nito ang pahayag ni na ang pagsasaling-wika ay may makabuluhang ugnayan sa pagsulat ng mga akademikong papel. Sa kaso ng mga tekstong pampanitikan, isang mahalagang isyu ang pagsasaling-wika sa larang na ito. Ang panitikan ay nakikita bilang isang ideolohikal at makasaysayang pangkat ng mga sulatin kasama ang pagganap nito sa iba't ibang aspeto ng buhay at lipunan. Dahil ang mga pag-aaral sa pagsasalin ay isang disiplina nakatutulong ito sa akademikong pagsulat.

Nabibigyang diin din ng mga natuklasan ang teorya ni Jack Mezirow (1991) na Transformational Learning Theory na naglalarawan kung paano ang kritikal na pagmuni-muni ng mga pagpapalagay at paniniwalang pinanghahawakan ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaral na mas maunawaan ang kanilang proseso ng pag-aaral. Sa kaso ng akademikong pagsulat, nalilipat ng mga manunulat ang kanilang kaisipan sa pamamagitan ng pagsasaling-wika. Ang pagsasaling-wika ay makabuluhan sa proseso ng pagsulat. Ito ay isang teknik sa pagsulat na nakatutulong sa mga mag-aaral sa mabisang pagsulat lalo na ng mga akdang pang-akademik.

## 4. KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

### *4.1. Konklusyon*

Isinagawa ang pag-aaral na ito upang matukoy ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga gawi sa pagsasaling-wika at kasanayan sa akademikong pagsulat. Deskriptib-korelesyon ang disenyo ng pananaliksik na ginamit sa pag-aaral na ito. Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay ang mga mag-aaral ng ikasampung na baitang ng Mataas na Paaralang Pambansa ng Bernardo D. Carpio, Cluster 15, Sangay ng Lungsod ng Davao, Rehiyon XI para sa Taong Panuruan 2022-2023.

May 152 kabuuang kalahok ang pag-aaral na pinili sa paraang simple random sampling. Ang mga natukoy na kalahok ang nagbigay ng sariling pagtataya bilang kahingian ng malayang baryabol. Ang nasabing mga mag-aaral din ang isinalang para sa gawaing akadamikong pagsulat bilang kahingian ng di-malayang baryabol.

Para sa lawak ng gawi ng mga mag-aaral sa pagsasaling-wika, ang pagtukoy sa kahulugan, pagpapahalaga sa kultura, pagpili ng mga salita at pagtutumbas ng mga idyoma ay nagtamo ng mean rating na katumbas sa mababa na nagsasabing bihira lamang ginagawa ng mga mag-aaral ang mga probisyong nauukol sa pagsasaling-wika.

Sa kasanayan sa akademikong pagsulat, ang tatlong indikeytor nito na: pokus at diin, organisasyon at wika at estilo ay pawang nagtamo ng mean rating na katumbas sa mababa. Sa mga datos na ito nasasabing ang mga mag-aaral ay may kahinaan sa akademikong pagsulat. Nabunyag din na may makabuluhang ugnayan ang gawi sa pagsasaling-wika at kasanayan sa akademikong pagsulat. Ang hipotesis na nagsasabing walang makabuluhang ugnayan ang gawi sa pagsasaling-wika at kasanayan sa akademikong pagsulat ay tinanggihan.

Dagdag pa, ang mga domeyn o indikeytor ng gawi sa pagsasaling-wika na: pagtukoy ng kahulugan, pagpapahalaga

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 10| Issue: 11| November 2024|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2024: 8.402|| ISI Value: 1.188

sa kultura, pagpili ng mga salita, at pagtutumbas ng mga idyoma ay pawang natagpuang may makabuluhang impluwensiya sa kasanayan sa akademikong pagsulat.

### *4.2. Rekomendasyon*

Batay sa mga nabuong konklusyon ng pag-aaral, ang sumusunod na rekomendasyon ay inihahain ng mananaliksik upang isaalang-alang ng mga kinauukulan:

1. Maaaring magbalangkas ang mga opisyal ng Kagawaran ng Edukasyon (DepED) ng mga polisiya at mga patakaran ukol sa pagbuo ng mga programang magpapatingkad sa mga gawaing pagsasaling-wika sa mataas na paaralan. Sa kabilang banda, maaaring tayahin ang kasalukuyang kurikulum kung may sapat na kasanayang pampagkatuto na ukol sa kasanayan sa akadamikong pagsulat ng mga mag-aaral sa sekundarya.

2. Ang mga punong-gurong nangangasiwa sa mga paaralan ay maaaring magbalangkas ng mga school-based na pagsasanay na may diin sa paglinang ng kasanayan ng mga guro sa pagtuturo ng pagsasaling-wika at akademikong pagsulat. Maaaring ilakip sa programang Special Program in Journalism (SPJ) ang ukol sa mga gawaing may kaugnayan sa pagsasaling-wika at pagsulat.

3. Gawing batayan ng mga guro ang mga natuklasan sa paghahanda at pagdidisenyo ng mga kagamitang pampagtuturong higit na makatutulong sa kanila para mapagaan ang pagtuturo ng pagsasaling-wika at akademikong pagsulat gaya ng mga sariling linangan kit at learning activity sheets.

5. Maaaring magsagawa ng pag-aaral sa hinaharap ukol sa mga gawi sa pagsasaling-wika at kasanayan sa akademikong pagsulat gamit ang iba pang mga indikeytor upang mapatingkad ang kinalalabasan ng pag-aaral na ito.

## MGA SANGGUNIAN


1. *Baird, L. (2021). What is composition writing. Nakuha: Hunyo 2023 mula sa https://study.com/learn/lesson/composition-writing-rules-format.html*
2. *Bharati, B. (2018). Understanding the relationship between translation and culture. Nakuha: Enero 2, 2023 mula sa https://bhashabharati.medium.com/understanding-the-relationship-between-translation-and-culture-92e58803bffb*
3. *Cai, L. J. (2013). Students' perceptions of academic writing: A need analysis of EAP in China. Language Education in Asia, 4(1), 5-22*
4. *Chin, S. (2012). Common issues in primary translation. Nakuha: Hunyo 2023 mula sa https://www.ccjk.com/common-issues-in-primary-translation/*
5. *Culler, J. (1997). Literary theory: A very short introduction. Foundations of Reading and Literacy.*
6. *Foster, M. (2007). Translation from/in Farsi and English. Nakuha: Abril, 2023, mula sa: http://www.parasa.ts.com/index.htm.*
7. *Gladwell, M. (2022). Teaching idioms. Nakuha: Hunyo 2023 mula sa https://www.masterclass.com/articles/what-is-an-idiom-learn-how-to-use-idioms-in-writing.*
8. *Goodson, P. (2017). Becoming an effective writer. Print Book.*
9. *Kroll, B. (1990). Second language writing. (Cambridge Applied Linguistics) Research Insights for the Classroom. Cambridge University Press.*
10. *Mezirow, J. (1991). Transformative dimensions of adult learning. San Francisco: Jossey-Bass, 247 pages.*
11. *Pablo, J.I & Lasaten, R. (2018). Writing Difficulties and Quality of Academic Essays of Senior High School Students. Asia Pacific Journal of Multidisciplinary Research, Vol. 6, No. 4, November, 2018.*
12. *Salvadore, M. (2014). Learning Vocabulary. The State Printing.*
13. *Strunk, W. (2019). The elements of styles. Harcourt Publication.*
14. *Sword, H. (2020). Academic writing. University of Auckland.*
15. *Zorfass, J. at Gray, T. (2020). Using context clues to understand word meanings. Nakuha: Hunyo 1, 2023 mula sa https://www.readingrockets.org/article/using-context-clues-understand-word-meanings.*